JOY B SA PAGKA-ALKALDE

'Team JOY' sa QC naghain na ng COC

Pormal nang naghain ng kanyang Certificate of Candidacy (COC) si Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte bilang kandidatong alkalde sa lungsod sa ilalim ng Serbisyo sa Bayan Party (SBP)sa Commission on Elections-QC.

Kasama ni Vice Mayor Belmonte na nag-file ng kanilang COC ang kanyang tatay na si QC Congressman Sonny Belmonte.

Nagsumite na rin ng kanyang kandidatura si QC Councilor Gian Sotto na tatakbong Vice Mayor ng QC ay sinamahan ng kanyang ama na si Senate President Tito Sotto at inang si Helen Gamboa.

Nag-file rin ng kanyang COC si civic leader Mikey Belmonte na tatakbong Councilor sa ikalawang distrito ng QC, Councilor Lala Sotto, gayundin ang nagbabalik na si Councilor Wency Lagumbay, negosyanteng si PM Vargas at iba pa sa team JOY.

Sinabi ni Belmonte na kung papalarin bilang Mayor ng QC ay prayoridad niyang aayusin ang sistema sa lungsod, maglilingkod ng tapat, palalakasin ang social services, edukasyon, health care, livelihood at housing.

Binigyang diin ni Belmonte na panlaban niya ang siyam na taong karanasan niya bilang bise alkalde at pinuno ng konseho ng lungsod. *(Angie dela Cruz)*



Buo ang tapang at tiwala na masusungkit ang posisyong tatakbuhan para sa May 2019 election upang makapaglingkod at makapahatid ng serbisyong tapat sa bawat mamamayan ng Quezon City sina mayoral canditate Joy Belmonte (kanan), vice mayoral candidate Gian Sotto (kaliwa), at civic leader Mikey Belmonte (gitna) na tatakbo sa pagkakonsehal sa 2nd district ng lungsod, na sabay-sabay na nag-file ng kani-kanilang Certificate of Candidacy (COC) kahapon sa sangay ng COMELEC sa lungsod. (Kuha ni Boy Santos)